# Ang Paninikluhod Yugto 2
# "Kung ikaw ay hindi sasa akin ay huwag mo na kaming pasampahin mula rito"

Ang pananabik sa presensya ng Diyos sa buhay ng tao ay pag-asa sa karamihan sa bayan ng Diyos na magkroon at para makapasok. Sa panahon ng mga pagsubok at mga kahirapan ang tao ay maaring matukso na mag-isip na ang Diyos ay malayo. Kaya't ang Panginoon ay sa huli ipinakita ang Kanyang sarili na malapit, nakikialam at gumagawa ng mga himala para panumbalikin ang Kanyang bayan at hikayatin sila na magpatuloy na ibigay ang pagtitiwala sa Kanya at iderikta silang higit sa kailangan nilang gawin.

6. "27 At sinabi ng Panginoon kay Aaron, Pumaroon ka sa ilang na salubungin mo si Moises. At siya'y pumaroon, at nasalubong niya sa bundok ng Dios, at kaniyang hinagkan.28 At isinaysay ni Moises kay Aaron ang lahat ng salita ng Panginoon, na ipinagbilin sa kaniyang sabihin, at ang lahat ng tandang ipinagbilin sa kaniyang gawin.29 At si Moises at si Aaron ay naparoon at tinipon ang lahat ng matanda sa mga anak ni Israel:30 At sinalita ni Aaron ang lahat ng salita na sinalita ng Panginoon kay Moises, at ginawa ang mga tanda sa paningin ng bayan.31 At ang bayan ay naniwala: at nang kanilang marinig na dinalaw ng Panginoon ang mga anak ni Israel, at kaniyang nakita ang kanilang kapighatian, ay iniyukod nga nila ang kanilang mga ulo at sumamba." (Exodu 4:27-31)

Nang ipinadala ng Panginoon si Moises sa mga Israelita ipinadala niyang kasama niya ang kanyang kapatid na si Aaron. Sinabi ni Moises jay Aaron ang lahat ng mga malahimalang tanda na iniutos ng Diyos upang gawin. Silang dalawa ay pumunta at tinipon ang mga matatanda ng mga Israelita. "30 At sinalita ni Aaron ang lahat ng salita na sinalita ng Panginoon kay Moises, at ginawa ang mga tanda sa paningin ng bayan.31 At ang bayan ay naniwala: at nang kanilang marinig na dinalaw ng Panginoon ang mga anak ni Israel, at kaniyang nakita ang kanilang kapighatian, ay iniyukod nga nila ang kanilang mga ulo at sumamba." (Exodu 4:30-31) Nang marinig ng mga tao at nakita na ang Diyos ay may malasakit sa kanila na ipiandala ang panunumbalik sa loob ng kanilang mga kaluluwa at naramdaman ang pagibig ng Diyos at Siya talaga ay naroroon sa kanilang buhay. Na parang nakita nila ang Diyos na nakatayo at naroon sa kalagitnaan ng kanilang pagpupulong at tumugon sa doon sa pagyukod at pagsamba sa Panginoon na nasa kalagitnaan nila.

Maging sensitibo sa pagsamba sa Panginoon at magkaroon ng pananampalatay sa Kanya. Anumang pagkilos at tanda ng pagmamalasakit at pagibig patungo sayo ay galing sa Diyos at nais ng Panginoon na sabihin sayo na ikaw ay iniibig Niya at ikaw pinangangalagaan Niya at may malasakit at magagandang plano para sayo upang ikaw ay pasaganain at ikaw ay pagpalain. Kailangang palagi nating kumilos at pumunta at sabihin sa kanila ang tungkol sa pagibig ng Diyos para sa kanila, Ang Kanyang malasakit, at ang Kanyang magagandang plano para sa kanila, para palayain sila palabas mula sa kanilang mga kasalanan at ang kanyang malasakit tungkol sa kanila.

Ang Hebrew salita para sa 'sumamba' ay 'Shachah', na ibig sabihin at yumukod na inulit din sa ibang Kasulatan.

7. "21 Nang magkagayo'y ipinatawag ni Moises ang lahat ng matanda sa Israel, at sinabi sa kanila, Kayo'y lumabas at kumuha kayo ng mga kordero ayon sa inyo-inyong sangbahayan, at magpatay kayo ng kordero ng paskua.22 At kayo'y kukuha ng isang bigkis na hisopo, at inyong babasain sa dugo, na nasa palanggana, at inyong papahiran ng dugo na nasa palanggana, ang itaas ng pinto at ang dalawang haligi ng pinto: at sinoman sa inyo ay huwag lalabas sa pinto ng kaniyang bahay hanggang sa kinaumagahan.23 Sapagka't ang Panginoon ay daraan upang sugatan ang mga Egipcio; at pagkakita niya ng dugo sa itaas ng pinto at sa dalawang haligi ng pinto, ay lalampasan ng Panginoon ang pintong yaon, at hindi niya papayagan ang manunugat ay pumasok sa inyong mga bahay na sugatan kayo.24 At inyong ipangingilin ang bagay na ito, na pinakatuntunin sa iyo at sa iyong mga anak magpakailan man.25 At mangyayaring pagdating ninyo sa lupain na ibibigay sa inyo ng Panginoon, gaya ng kaniyang ipinangako, ay inyong tutuparin ang paglilingkod na ito.26 At mangyayaring pagsasabi sa inyo ng inyong mga anak: Anong ibig ninyong sabihin sa paglilingkod na ito?27 Na inyong sasabihin: Siyang paghahain sa paskua ng Panginoon, na kaniyang nilampasan ang mga bahay ng mga anak ni Israel sa Egipto, nang kaniyang sugatan ang mga Egipcio, at iniligtas ang aming mga sangbahayan. At ang bayan ay nagyukod ng ulo at sumamba.28 At ang mga anak ni Israel ay yumaon at ginawang gayon; kung paanong iniutos ng Panginoon kay Moises at kay Aaron, ay gayong ginawa nila." (Exodu 12:21-28) Ang bayan ng Diyos sa Egipto nang sila'y tumugon sa tawag ng Diyos tiniis nila ang tindi ng paguusig mula kay Faraoh gayundin nasaksihan nila kung paanong hinarap ng Diyos ang mga taga Egipto sa pagpapadala sa kanila ng mga salot upang palayain ang Kanyang bayan. Ang huling salot ay pagpatay sa panganay ng mga taga Egipto. Kaya inutusan Niya ang Kanyang bayan na magkatay ng kordero ng paskua at ilagay ang dugo sa pintuan sa labas ng kanyang bahay sa gabi hanggang kinaumagahan. Sa gayon, nang marinig ng mga tao ang oras at ang araw ng kanilang kalayaan palabas ng Egipto ay lumapit at nagdesisyon na naramdaman nila ang presenya ng Diyos at ang pagibig Niya at ang malasakit para sa kanila at yumukod at sumamba sa Kanya. "Na inyong sasabihin: Siyang paghahain sa paskua ng Panginoon, na kaniyang nilampasan ang mga bahay ng mga anak ni Israel sa Egipto, nang kaniyang sugatan ang mga Egipcio, at iniligtas ang aming mga sangbahayan. At ang bayan ay nagyukod ng ulo at sumamba." (Exodu 12:27) Ginawa nila ito dahil sila'y nagagalak sa kanilang kaligtasan at sa ginawa ng Panginoon sa kanila at palayain sila mula sa kanilang mga suliranin.

Ikaw ba ay hindi nagalak na si Jesus, ang Kordero ng Diyos, ay inihandog ang Kanyang buhay at namatay sa krus para sa iyong mga kasalanan upang bigyan ka ng buhay na walang hanggan? Hindi ka ba yuyukod sa pagsamba sa Kanya? Ipakita ang iyong katapatan at pagpapasalamat sa Kanya. Siya ay naririyan sa iyong buhay, ikaw ay ililigtas mula sa iyong mga kasalanan, pagkaalipin, pangungunahan sa daan ng walang hanggan, ihahanda sayo ang isang lugar sa Langit at Siya ay darating upang kunin tayo upang mapasa Kanya magpakailanman.

8. Ang mga Israelita pagkatapos ng pagliligtas sila'y nagkasala laban sa Panginoon sa paggawa at pagsamba sa gintong baka na nagawang magalit ng Panginoon sa kanila. Si Moises ay namagitan sa kanila para patawarin, sapagkatl lilipulin sila ng Panginoon gaya ng iyong mababasa, "9 At sinabi ng Panginoon kay Moises, Aking nakita ang bayang ito, at, narito, isang bayang may matigas na ulo;10

Ngayo'y bayaan mo nga ako upang ang aking pagiinit ay magalab laban sa kanila, at upang aking lipulin sila: at ikaw ay aking gagawing dakilang bansa.11 At dumalangin si Moises sa Panginoon niyang Dios, at sinabi, Panginoon, bakit ang iyong pagiinit ay pinapagaalab mo laban sa iyong bayan, na iyong inilabas sa lupain ng Egipto sa pamamagitan ng dakilang kapangyarihan at ng makapangyarihang kamay?12 Bakit sasalitain ng mga Egipcio, na sasabihin, Dahil sa kasamaan, inilabas sila upang patayin sila sa mga bundok, at upang lipulin sila sa balat ng lupa? Iurong mo ang iyong mabangis na pagiinit, at pagsisihan mo ang kasamaang ito laban sa iyong bayan.13 Alalahanin mo si Abraham, si Isaac, at si Israel na iyong mga lingkod, na silang iyong mga sinumpaan sa iyong sarili, at mga pinagsabihan, Aking pararamihin ang inyong binhi na gaya ng mga bituin sa langit, at lahat ng lupaing ito na aking sinalita ay aking ibibigay sa inyong binhi, at kanilang mamanahin magpakailan man.14 At pinagsisihan ng Panginoon ang kasamaan na kaniyang sinabing kaniyang gagawin sa kaniyang bayan." (Exodu 32:9-14) Si Moises ay namagitan pa para sa kanila sa harapan ng Diyos, ''30 At nangyari ng kinabukasan, na sinabi ni Moises sa bayan, Kayo'y nagkasala ng malaking kasalanan: at ngayo'y sasampahin ko ang Panginoon; marahil ay aking matutubos ang inyong kasalanan.31 At bumalik si Moises sa Panginoon, at nagsabi, Oh, ang bayang ito'y nagkasala ng malaking kasalanan, at gumawa sila ng mga dios na ginto.32 Gayon ma'y ngayon, kung iyong ipatatawad ang kanilang kasalanan; at kung hindi, ay alisin mo ako, isinasamo ko sa iyo, sa iyong aklat na sinulat mo.33 At sinabi ng Panginoon kay Moises, Ang magkasala laban sa akin ay siya kong aalisin sa aking aklat.34 At ngayo'y yumaon ka, iyong patnubayan ang bayan sa dakong aking sinalita sa iyo: narito, ang aking anghel ay magpapauna sa iyo: gayon ma'y sa araw na aking dalawin sila ay aking dadalawin ang kanilang kasalanang ipinagkasala nila.35 At sinaktan nga ng Panginoon ang bayan, sapagka't kanilang ginawa ang guya na ginawa ni Aaron." (Exodu 32:30-35) Bilang bunga ng pamamagitan ni Moises at pananalangain sa Panginoon paglubag sa paglipol sa kanila ng lubos. Kaya naman kailangan nating manalangin at mamagitan para sa ating mga kapatiran na lumayo sa pagsamba sa mga diosdiosan sa paggawa ng kanilang pansarili at pagsasaya sa makamundong mga bagay ng buhay, na maaring mailigtas sila ng Panginoon sa paglipol at bigyan sila ng isa pang pagkakataon na magsisi sa kanilang mga kasalanan.

Ngunit sinabi ng Panginoon kay Moises na hindi Siya sasama sa kanila sapagkat sila ay mga taong matitigas ang ulo. ''1 At sinalita ng Panginoon kay Moises, Yumaon ka, sumampa ka mula rito, ikaw at ang bayan na iyong isinampa mula sa lupain ng Egipto, na patungo kayo sa lupain na aking isinumpa kay Abraham, kay Isaac, at kay Jacob, na aking sinasabi, Sa iyong binhi ay aking ibibigay.2 At aking susuguin ang isang anghel sa unahan mo: at aking palalayasin ang Cananeo, ang Amorrheo, at ang Hetheo, at ang Pherezeo, ang Heveo, at ang Jebuseo :3 Sa isang lupaing binubukalan ng gatas at pulot: sapagka't hindi ako sasampa sa gitna mo; sapagka't ikaw ay bayang may matigas na ulo; baka ikaw ay aking lipulin sa daan.4 At nang marinig ng bayan ang masasamang balitang ito, ay nanangis sila: at walang taong nagsuot ng kaniyang mga pahiyas.5 At sinabi ng Panginoon kay Moises, Sabihin mo sa mga anak ni Israel, Kayo'y isang bayang may matigas na ulo: kung ako'y sumampa sa gitna mo na sangdali, ay lilipulin kita: kaya't ngayo'y alisin mo ang iyong mga pahiyas sa iyo upang aking maalaman kung anong aking gagawin sa iyo.6 At ang mga anak ni Israel ay naghubad ng kanilang mga pahiyas mula sa bundok ng Horeb.'' (Exodu 33 :1-6) Sa gayon kapag tayo ay gumawa ng mali at sumamba sa mga diosdiosan ang Panginoon ay hindi lalakad kasama natin at ang ating buhay ay magiging misalimuot.

Ano ang mga diosdiosan at ang mga kasalanan na kailangan na maipaalala sa atin para iwasan at magsisi mula sa mga sumusunod;

A.Pagnanasa at immoralidad; pagkakaroon ng kasinthang lalake at kasintahang babae, pagsasama, panliligaw, panonood ng ponograpiya, pagsasama ng hindi kasal, paghihiwaklay, pagaasawang muli, panganglunya, maramihang pagaasawa, at wala sa batas na pagaasawa sa pagaasawa sa hindi mananmpalataya, at pagtanggap sa isang solong ama o solong ina na magaswa sa iba kaya sa ina o ama ng kanya o kaniyang anak o mga anak.

B. Pagdiriwang ng mga kapistahan ng mga diosdiosan; pagahahanda ng Bagong Taon at Pasko ng may Santa Claus, Christmas tree, paghahanda ng mga kapanganakan, anibersaryo ng kasal, at anibersaryo ng kamatayan, pagdiriwang sa Araw ng Ama at Araw ng Ina, Halloowen(Pagaani), Araw ng lahat ng mga Santo, Araw ng Valentino, Buwan ng mga Pastor, at Pamamaalam na mga salo-salo. Ang lahat ng mga pagdiriwang ito ay dapat mawala sa ating buhay. At maari mong idagdag pa sa listahan, para sa halos lahat ng kultura at pangkat ng etniko na idinagdag sa ilang mga diosdiosan at mga araw para sa mga pagdiriwang ng walang anumang Biblical na dahilan, sa buhay ng simbahan.

C. Pagmamataas, pagmamayabang, at pagpapakitang gilas.

D. Kasikaman, kaimbutan, at pagmamahal sa salapi.

E. Pag-aaksaya, at paggastos ng sobra.

F. Katawakan, labis sa pagkain, pagibig sa pagkain ng higit sa Diyos, pagbili ng pagkain sa restawrant, mahilig sa padalo asa mga kapistahan at mga pagdiriwang ngunit tumangging mag-ayuno.

G. Kamunduhan, pagaaksaya ng oras sa TV, You-tube at Facebook, atbp.

H. Paninirang-puri, masamang hangarin, inngit, paninibugho, kapaitan, pagkakaroon ng sama ng loob, galit, poot, at hindi pagpapatawad, pagmamayabang, pagpapakitang gilas, complacency, kawalan ng pangako sa Diyos at paglilingkod sa makamundong bagay ngunit hindi handang maglingkod sa Diyos.

I. Homosexualidad, pagpapahintulot sa pagitang lalaki sa kapwa lalake, at babae sa kapwa babae, pagkunsinti sa transgender at homosexual na saloobin at mga pagkilos, ar pagpapahintulot sa homosexual nap ag-aasawa.

Higit na dinisiplina sila ng Diyos dito sa pagtanggal sa mga palamuti sa kanila, sapagkat ginamit nila ito sa maling paraan paara gumawa ng gintong guya. * Palagi tayong didisiplinahin ng Diyos sa patanggal sa mga bagay na ibinigay sa atin at ginamit natin ang mga iyon sa masamang paraan ng buhay. * Ang ating pamumuhay ay dapat magpakita ng tamang paraan para mabuhay sa Diyos at iyon ang espirituwal na katampatang pagsamba, "Kaya nga, mga kapatid, ipinamamanhik ko sa inyo, alangalang sa mga kahabagan ng Dios, na inyong iharap ang inyong mga katawan na isang haing buhay, banal, na kaayaaya sa Dios, na siya ninyong katampatang pagsamba." (Roma 12:1)

"7 Kinaugalian nga ni Moises na dalhin ang tolda at itayo sa labas ng kampamento, na malayo sa kampamento at kaniyang tinawag iyon, Tabernakulo ng kapisanan. At nangyari na bawa't magsiyasat sa Panginoon ay lumalabas na pumaparoon sa tabernakulo ng kapisanan, na nasa labas ng kampamento.8 At nangyari, pagka si Moises ay lumalabas na napasa sa Tolda, na ang buong bayan ay bumabangon at tumatayo, bawa't lalake sa pintuan ng kaniyang tolda at pinanonood si Moises hanggang sa makapasok sa Tolda.9 At nangyari, pagka si Moises ay pumapasok sa Tolda ay bumababa ang haliging ulap at tumitigil sa pintuan ng Tolda ang Panginoon ay nakikipagsalitaan kay Moises.10 At nakikita ng buong bayan ang haliging ulap at tumitigil sa pintuan ng Tolda; at ang buong bayan ay tumitindig at sumasamba, na bawa't isa'y sa tabi ng pintuan ng kaniyang tolda.11 At nakikipagsalitaan ang Panginoon kay Moises ng mukhaan, gaya ng isang taong nakikipagsalitaan sa kaniyang kaibigan. At siya'y bumabalik uli sa kampamento, datapuwa't ang kaniyang tagapangasiwang si Josue, na anak ni Nun, na may kabataan pa, ay hindi umaalis sa Tolda." (Exodu 33:7-11) Makikita nating malinaw dito na bawat pamilya ay sumamba at yumukod sa Diyos ang lahat sa kanyang sariling sangbahayan kasama ng kaniyang pamilya. Kaya mayroon tayong sama samang pagsamba sa simbahan sa lingguhang batayan at mayroon tayong pagsamba araw araw sa ating mga tahanan kasama ng ating pamilya.

Si Moises ay nagsumamo sa Panginoon na panatihin ang Kanyang presensya sa kanya. Nais ng Diyos na suguin ang Kanyang anghel ngunit nais ni Moises na personal ang Diyos ang sumama sa kanya: "12 At sinabi ni Moises sa Panginoon, Tingnan mo, iyong sinasabi sa akin: Isampa mo ang bayang ito: at hindi mo ipinakilala sa akin kung sino yaong susuguin mo na kasama ko. Gayon ma'y iyong sinabi, Aking nakikilala ka sa pangalan, at ikaw rin naman ay nakasumpong ng biyaya sa aking paningin.13 Ngayon nga, isinasamo ko sa iyo, na kung ako'y nakasumpong ng biyaya sa iyong paningin, ay ituro mo sa akin ngayon ang iyong mga daan, upang ikaw ay aking makilala, na ano pa't ako'y makasumpong ng biyaya sa iyong paningin: at akalain mo, na ang bansang ito ay iyong bayan." (Exodu 33:12-13) Sa gayon kailangan nating magpatuloy na magsumamo sa Panginonn na pumuntang kasama natin at panatilihin ang kanyang presensya sasamahan tayo at hindi tayo iiwanan at papatnubayan tayo at tutulungan tayo. Ang Diyos ay sumang-ayon sa panalangin ni Moises at sasang-ayon Siya sa ating panalangin kapag nakita Niya na tayo ay tapat sa ating panalangin: "At kaniyang sinabi, Ako'y sasa iyo, at ikaw ay aking bibigyan ng kapahingahan." (Exodu 33:14) At si Moises ay may magandang pakikipag-uganyan sa Diyos at ibinuhos ang kanyang kaluluwa at nagalak sa Panginoon, "15 At sinabi niya sa kaniya, Kung ikaw ay hindi sasa akin ay huwag mo na kaming pasampahin mula rito.16 Sapagka't saan ngayon makikilala na ako'y nakasumpong ng biyaya sa iyong paningin, ako at ang iyong bayan? hindi ba dahil sa ikaw ay lumalakad na kasama namin, upang kami ay maging bukod, ako at ang iyong bayan, sa lahat ng bayan na nasa balat ng lupa?17 At sinabi ng Panginoon kay Moises, Akin ding gagawin ang bagay na ito na iyong sinalita: sapagka't ikaw ay nakasumpong ng biyaya sa aking paningin, at ikaw ay aking nakikilala sa pangalan." (Exodu 33:15-17)

Sumunod pagkatapos niyon, ang Panginoon ay nagtanong kay Moises na humugis ng dalawang tapyas na bato at sumampa sa bundok, "1 At sinabi ng Panginoon kay Moises, Humugis ka ng dalawang tapyas na bato na gaya ng una: at aking isusulat sa mga tapyas ang mga salita na nasa unang mga tapyas, na iyong sinira.2 At iyong ihanda sa kinaumagahan, at sumampa ka sa kinaumagahan sa bundok ng Sinai at humarap ka roon sa akin sa taluktok ng bundok.3 At sinomang tao ay huwag sasampang kasama mo, o makikita ang sinomang tao sa buong bundok; kahit ang mga kawan at ang mga bakahan ay huwag manginain sa harap ng bundok na yaon.4 At siya'y humugis ng dalawang tapyas na bato na gaya ng una; at bumangon si Moises na maaga sa kinaumagahan, at sumampa sa bundok ng Sinai, gaya ng iniutos ng Panginoon sa kaniya, at kinuha sa kaniyang kamay ang dalawang tapyas na bato:4 At ang Panginoon ay bumaba sa ulap, at tumayong kasama niya roon at itinanyag ang pangalan ng Panginoon.6 At ang Panginoo'y nagdaan sa harap niya, na itinanyag, Ang Panginoon, ang Panginoong Dios na puspos ng kahabagan at mapagkaloob, banayad sa pagkagalit, at sagana sa kaawaan at katotohanan;7 Na gumagamit ng kaawaan sa libolibo, na nagpapatawad ng kasamaan, at ng pagsalangsang, at ng kasalanan: at sa anomang paraan ay hindi aariing walang sala ang salarin; na dinadalaw ang kasamaan ng mga ama sa mga anak, at sa mga anak ng mga anak, hanggang sa ikatlo at ika apat na salin.8 At nagmadali si Moises, at itinungo ang kaniyang ulo sa lupa, at sumamba.9 At kaniyang sinabi, Kung ngayo'y nakasumpong ako ng biyaya sa iyong paningin, Oh Panginoon, ay ipahintulot nawa ng Panginoon, isinasamo ko sa iyo, na pasa gitna namin; sapagka't isang bayang may matigas na ulo; at ipatawad mo ang aming kasamaan, at ang aming kasalanan, at ariin mo kaming iyong mana. 10 At kaniyang sinabi, Narito, ako'y nakikipagtipan sa harap ng iyong buong bayan at gagawa ako ng mga kababalaghan, na kailan ma'y hindi ginawa sa buong lupa, o sa alin mang bansa: at ang buong bayan sa gitna ng iyong kinaroroonan ay makakakita ng gawa ng Panginoon, sapagka't kakilakilabot na bagay ang aking gagawin sa pamamagitan mo." (Exodu 34:1-10) Dito ipinahayag ng Panginoon kay Moises kung sino Siya, "6….Ang Panginoon, ang Panginoong Dios na puspos ng kahabagan at mapagkaloob, banayad sa pagkagalit, at sagana sa kaawaan at katotohanan;7 Na gumagamit ng kaawaan sa libolibo, na nagpapatawad ng kasamaan, at ng pagsalangsang, at ng kasalanan: at sa anomang paraan ay hindi aariing walang sala ang salarin; na dinadalaw ang kasamaan ng mga ama sa mga anak, at sa mga anak ng mga anak, hanggang sa ikatlo at ika apat na salin." (Exodu 34:6-7) Nang narinig ni Moises mula sa bibig ng Diyos, "at ng pagsalangsang, at ng kasalanan: at sa anomang paraan ay hindi aariing walang sala ang salarin; na dinadalaw ang kasamaan ng mga ama sa mga anak, at sa mga anak ng mga anak, hanggang sa ikatlo at ika apat na salin." Si Moises ay nagsumamo pa sa Panginoon; itinungo ang kaniyang ulo sa lupa at sumamba, "8 At nagmadali si Moises, at itinungo ang kaniyang ulo sa lupa, at sumamba.9 At kaniyang sinabi, Kung ngayo'y nakasumpong ako ng biyaya sa iyong paningin, Oh Panginoon, ay ipahintulot nawa ng Panginoon, isinasamo ko sa iyo, na pasa gitna namin; sapagka't isang bayang may matigas na ulo; at ipatawad mo ang aming kasamaan, at ang aming kasalanan, at ariin mo kaming iyong mana." (Exodu 34:8-9) Sa posiyon ng pagtungo ng ulo nii Moises ay

nagsumamo sa Panginoon na hindi Siya sasama kay Moises lamang kundi gayundin sa buong Israelita. At ang Panginoon ay tumugon sa kanyang panalangin, “10 At kaniyang sinabi, Narito, ako'y nakikipagtipan sa harap ng iyong buong bayan at gagawa ako ng mga kababalaghan, na kailan ma'y hindi ginawa sa buong lupa, o sa alin mang bansa: at ang buong bayan sa gitna ng iyong kinaroroonan ay makakakita ng gawa ng Panginoon, sapagka't kakilakilabot na bagay ang aking gagawin sa pamamagitan mo.” (Exodu 34:10) Ang panalangin at pamamagitan ni Moises ay nakadirekta sa tipan ng Diyos kay Abraham, Isaac at Jacob ay magpapatuloy sa buhay ng buong Israelita. Sa parehong paraan kailangan nating matutunan na manikluhod sa panan ng Panginoon at mamagitan sa ngalan ng boung simbahan at sa mga nagkasala laban sa Diyos at umalis sa tamang daan na itinalaga ng Diyos sa kanila na pagdaanan sa kanilang buhay. Ang ating pamamagitan para sa kanila at pagyukod sa Diyos sa pananalangin ay makakagawa ng daan para sa habag ng Diyos na bumalik sa kanila upang panumbalikin sila pabalik sa tamang daan.

Sa aking Mahal at Minamahal: Mula sa itaas na pagkasunod-sunod sa buhay ng mga Israelita matutunan mo na makita na ang Diyos ay talagang kumikilos sa iyong buhay, na tugunan ang iyong paninikluhod at pagsamba sa Panginoon na mapagbiyaya at mahabagin sa pagliligtas ng iyong buhay mula sa kasalanan at kamatayan sa pamamagitan ni JesuCristo na ating Panginoon. Matutunan mo rin mula sa mensaheng ito na magsisi at magsumamo sa biyaya ng Diyos at habag upang iligtas ka at panumbalikin pabalik sa Kanya at sa tipan na ipinagkaloob niya sayo, gayundin para manikluhod at mamagitan sa ngalan ng iba na nagkasala laban sa Diyos na maaring maibalik sa kanila.

Ang aking Panalangin: Amang Diyos Ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon salamat para sa iyong Salita at sa iyong malinaw na mensahe sa akin.

Panginoon ako’y nagpapasalamat para sa lahat ng kagila-gilalas na mga himala na ginawa mo para sa akin upang maging tao at upang magkaroon ng lahat na mayroon ako ngayon.

Panginoon ako’y nagsisisi mula sa sumusunod na mga kasalanan . Panginoon Ako'y nagsusumamo sa iyong biyaya at habag na panatihin ako sa iyong presensya sa aking buhay at mabuhay sa tipan sa iyo. Panginoon habang ako’y naninikluhod at nanalangin, pusposin mong muli ako ng iyong Banal na Espiritu at ibigay sa akin ang espirituwal na mga kaloob na aking kailangan sa aking buhay na pumunta at maglingkod sa iyo. Panginoon sagutin ang aking mga panalangin at pamamagitan para sa mga lumayo sa iyo at sa iyong tamang daan na panumbalikin mo sila pabalik sa iyo at gawin mo ulit silang lumapit sa pamamagitan ng makipot na pintuan.

Panginoon ako’y nanalangin para sa aking mga Kapatiran na nagsisi at bumalik sa iyo. Panginoon panumbalikin mo silang bumalik sa iyong magandang plano na mayroon ka para sa kanila. Panginoon aking idinadalangin na ipasakop nila ang kanilang mga sarili nang ganap sayo at simulang mamunga ng bunga ng Banal na Espiritu na nais mong makita sa kanilang buhay at sila’y magkaroon ng parehong katangian mo na makita ng mga tao si Jesus sa pamamagitan ng kanilang buhay.

Panginoon aming ipinapangako ang aming sarili bilang isang simbahan na manalangin at mag-ayuno na iyong presensya ay manguna sa amin; “Kung ikaw ay hindi sasa akin ay huwag mo na kaming pasampahin mula rito” Panginoon buksan sa amin ang bagong larangan ng misyon, at isang bagong misyonaryong paglalakbay na masimulan, bagong mga manggagagawa na tinawag at ihiwalay para sa bagong gawain ng Diyos, bagong mga lugar at mga lupain na mabuksan para sa ebanghelyo, at bagong mga kaluluwa na manampalataya kay Jesus at lumapit sa Kaharian ng Diyos at bagong mga disipolo na magawa. Panginoon protektahan kami at ibigay ang para sa amin at bigyaan daan kaming makapagtanim ng bagong pagaaral ng Bibliya at bagong mga kapisanan para sa simbahan. Panginoon, pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at iligtas kami sa kapahamakan sa gayo’y hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ni Jesus at ang pagibig ng Diyos at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#:00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380315157600375316 2014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com